

Anaphylaxis (Anaphylaxis)

Ang Anaphylaxis ay matinding reaksyon sa di-pagkahiyaang na inilalagay sa panganib ang buhay, at palaging dapat tratuhing isang emerhensiyang pangmedikal. Ang Anaphylaxis ay nagaganap matapos malantad sa isang allergen (kalimitan sa mga pagkain, insekto o gamot), kung saan ang tao ay may alerdyi. Hindi lahat ng taong may mga alerdyi ay nanganganib sa anaphylaxis.

Mahalagang malaman ang mga senyales at sintomas ng anaphylaxis

Inilalagay ng mga sintomas ng anaphylaxis ang buhay sa panganib at kabilang ang alinman sa mga sumusunod:

- Mahirap/maingay na paghinga
- Pamamaga ng dila
- Pamamaga/paninikip ng lalamunan
- Nahihirapan sa pagsasalita at/o garalgal ang boses
- Humuhuni o walang patid ang pag-ubo
- Walang tigil na pagkahilo at/o nahihimatay
- Pamumutla at panlalambot (sa mga bata mura ang edad)

Sa ilang mga kaso, may nauunang mga sintomas na hindi mapanganib na reaksyon sa alerdyi bago pa maging anaphylaxis gaya ng:

- Pamamaga ng mukha, mga labi at/ o mga mata
- Mga pamamantal o latay sa balat
- Sakit sa tiyan, pagsusuka (ito ay mga senyales ng anaphylaxis para sa alerdyi sa insekto)

Ilang salik (factors) ang nakapag-iimpluwensya sa tindi ng reaksyon sa alerdyi. Kabilang dito ang ehersisyo, init, alkohol, at sa mga taong may alerdyi sa pagkain, kung gaano karami ang kinain at kung paano ginawa ang pagkain.

Mahalaga ang pagtukoy sa sanhi ng anaphylaxis

Ang inyong doktor ay karaniwang magtatanong ng ilang serye ng mga katanungan na siyang makakatulong sa pagpapailik sa listahan ng kung ano ang malamang na mga sanhi gaya ng mga pagkain na kinain o gamot na ininom nang araw na iyon o pagkalantad sa mga insekto. Ang ganitong paraan ay makakatulong din sa pagpapawalay ng mga kalagayang kung minsan ay mapagkakamalang anaphylaxis, gaya ng paghihimatay o pagkakaroon ng atake sa epilepsya (epileptic seizure). Kung alerdyi ang suspetsa, ito ay kailangang sundan ng mga pagsusuri sa alerdyi, na kalimitang isang 'blood test' para sa 'allergen specific IgE (dating tinatawag na RAST tests) o kaya ang pagtutusok sa balat na pagsusuri, upang makatulong sa pagkumpirma o pagpapawalay ng mga nagpapasiklab nito.

Makukuha ang impormasyon sa pagsusuri ng alerdyi sa website ng ASCIA:

www.allergy.org.au/patients/allergy-testing/allergy-testing

Mahalagang tandaan na ang ilang mga pamamaraan na nagsasabing pagsusuri sa mga alerdyi (kabilang ang cytotoxic food testing, Vega testing, kinesiology, allergy elimination techniques, iridology, pulse testing, Alcat testing, Rinkel's intradermal testing, reflexology, hair analysis at IgG food allergy testing) ay hindi medikal o siyentipikong napapatunayan na mga pamamaraan para makumpirma ang alerdyi. Makukuha ang impormasyon tungkol sa mga pagsusuring ito sa website ng ASCIA :

www.allergy.org.au/patients/allergy-testing/unorthodox-testing-and-treatment

Ang epektibong pamamahala ng anaphylaxis ay nakapagliligtas ng mga buhay

Kung ikaw ay nasa panganib ng anaphylaxis, kakailanganin mo ang patuloy na pamamahala ng iyong doktor. Dapat kabilang dito ang:

- **Pagpapasangguni sa espesyalista sa clinical immunology/allergy ***
- **Pagtutukoy sa mga nagpapasiklab ng anaphylaxis** – Kabilang dito ang kumprehensibong kasaysayang medikal at pag-iiksamen sa klinika, na susundan ng pag-iinterpretate ng mga resulta sa pagsusuri.

Disclaimer: Ang impormasyon ng ASCIA ay nirerepaso ng mga miyembro nito at siyang kumakatawan sa makukuhang inilathalang literatura sa panahon ng pagrerepaso. Ang nilalaman ng dokumentong ito ay walang intensyong palitan ang propesyonal na pagpapayong medikal at anumang mga katanungan tungkol sa medikal na diyagnosis o paglulunas ay dapat na iparating sa isang doktor. © ASCIA 2015

- **Edukasyon sa pag-iwas sa mga nagpapasiklab (triggers) nito** – Ito ay natatanging mahalaga sa matinding alerdyi sa pagkain, dahil ang pag-iwas sa pagkain ang siya lamang paraan para maiwasan ang reaksyon ng alerdyi. Maaaring kailanganin din ang mga pagpapayo ng may karanasang dietitian sa alerdyi.
- **Paglalagay ng isang ASCIA Action Plan para sa Anaphylaxis**** - Ang mga ASCIA Action Plan ay nagbibigay ng pag-alalay sa kung kailan at paano ginagamit ang isang adrenaline autoinjector.
- **Regular na pag-follow up na mga pagbisita sa espesyalista sa clinical immunology/allergy.**

* Ang mga Medikal na espesyalista na nagbibigay ng mga serbisyo sa clinical immunology at allergy ay nakalista sa website ng ASCIA: www.allergy.org.au/patients/allergy-and-clinical-immunology-services/how-to-locate-a-specialist

** Ang mga ASCIA Action plan ay dapat na kumpletohin ng doktor at itabi kasama ang adrenaline autoinjector.

Makukuha sa website ng ASCIA ang ASCIA Action Plans para sa Anaphylaxis:

www.allergy.org.au/health-professionals/anaphylaxis-resources/ascia-action-plan-for-anaphylaxis

Ang Adrenaline ang unang lunas para sa anaphylaxis

Mabilis na tumatalab ang Adrenaline para kontrahin ang mga epekto ng anaphylaxis at ito ang unang lunas ng anaphylaxis. Naglalaman ang Adrenaline autoinjectors (e.g. EpiPen) ng pang-isahan, at hindi nababagong dosis ng adrenaline, at ginawa itong kayang iturok ng mga taong hindi nag-aral ng medisina, gaya ng isang kaibigan, guro, manggagawa sa paalagaan ng bata, magulang, taong nagdaraan o ng mismong pasyente (kung kaya pa nilang gawin ito).

Ang adrenaline autoinjector ay dapat lang na nireseta bilang bahagi ng isang kumprehensibong plano sa pamamahala ng anaphylaxis (anaphylaxis management plan), na kabilang ang isang ASCIA Action Plan para sa Anaphylaxis at edukasyon kung paano mababawasan ang panganib sa mga reaksyon ng alerdyi. Kung ikaw o ang inyong anak ay niresetahan ng adrenaline autoinjector, mahalagang ikaw ay magsanay sa paggamit nito at gamitin ang kagamitan na pangsanay tuwing 3-4 na buwan.

Karagdagang Impormasyon

Para sa mga mapagkukunan tungkol sa anaphylaxis (pati na ang impormasyon sa mga ASCIA Action Plans, FAQs, ASCIA Travel Plans, adrenaline autoinjector, mapagkukunan sa pangsanay at mga tagubilin) bisitahin ang ASCIA website:

www.allergy.org.au/health-professionals/anaphylaxis-resources

Ang pagkakaroon mo mismo ng anaphylaxis o kaya sa pamilya ay napakahirap minsang tanggapin. Nagbibigay ng may-pakinabang at nakakatulong na impormasyon ang mga grupong pangsuporta sa anaphylaxis galing sa ibang taong nasa katulad na kalagayan. Ang mga samahang pangsuporta sa pasyente ng anaphylaxis ay:

- Allergy & Anaphylaxis Australia - www.allergyfacts.org.au
- Allergy New Zealand - www.allergy.org.nz

© ASCIA 2015

Ang Australasian Society of Clinical Immunology and Allergy (ASCIA) ang siyang pinakamataas na samahang propesyonal ng mga espesyalista sa pangklinikang immunology at allergy sa Australia at New Zealand.

Website: www.allergy.org.au

Email: projects@allergy.org.au

Postal address: PO Box 450 Balgowlah, NSW Australia 2093

Pagtatatwa(Disclaimer)

Itong dokumentong ito ay binuo at nirepaso ng mga miyembro ng ASCIA at nakabatay sa mga ekspertong opinyon at ng makukuhang inilathalang literatura sa panahon ng pagrerepaso. Ang impormasyong nilalaman ng dokumentong ito ay walang intensyon na palitan ang pagpapayong medikal at anumang mga katanungan tungkol sa medikal na diyagnosis o paglulunas ay dapat na iparating sa isang doktor

Ang pagbuo ng dokumentong ito ay hindi pinondohan ng anumang mga pagkukunang pangkomersyal at hindi naiimpluwensyahan ng anumang mga samahang pangkomersyal.

Huling pagpapabago ng nilalaman Hunyo 2015